


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 8:
Pagganap sa Tungkulin Gamit ang
Teknolohiya



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 8: Pagganap sa Tungkulin Gamit ang Teknolohiya
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jovylin A. Macawile, Rhoda S. Bordallo

Editor: Caridad P. Baginon, Farrah R. Delfin, Ma. Shiela C. Adona

Tagasuri: Lita V. Jongco, Mico May R. Cayaco

Tagaguhit: Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr., Lemuel P. Valle Jr.

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Amenia C. Aspa

Mariza S. Magan

Edgar Y. Tenasas

Mark Chester Anthony G. Tamayo

Gretel Laura M. Cadiiong

Ranulfo L. Baay

Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 8:
Pagganap sa Tungkulin Gamit ang
Teknolohiya**

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Tunay nga ba na hindi masama ang *media* at teknolohiya? Paano ito makakasama sa iyo? Paano mo mababalanse ang pansariling oras para dito? Ano-ano ang paraan ng responsableng paggamit ng mga ito?

Malaki ang nagagawa ng *media* at teknolohiya sa pagbuo ng pananaw, gawi, pagpapahalaga at higit sa lahat, sa pag-unlad ng kaalaman ng tao.

Ang paglinang ng kakayahan ng isang mag-aaral ay nagagawa sa pamamagitan ng pagtupad ng mga tungkulin sa isang programa gamit ang anumang teknolohiya sa paaralan. Ang mga tungkuling ito na nakasalalay sa bawat isa ay paraan upang maisakilos ang mga ideya sa bawat programa. Kung ang isang bata o mag-aaral ay aktibo sa mga gawain sa paaralan, ang kaniyang pisikal, mental, emosyonal at ispiritwal na aspeto ay malilintang.

Ang pagganap ng buong husay sa bawat tungkulin sa loob ng paaralan gamit ang mga teknolohiya ay nakalilintang ng talino at talento. Kaya bilang isang mag-aaral sa elementarya, dapat pagsumikapan mong malinang ang iyong kakayahan sa loob at labas ng paaralan para sa magandang kinabukasan.

Kailangan mo ring malaman na ang bawat teknolohiya ay may mabuti at masamang naidudulot, lalo na ang labis na paggamit nito. Ang kailangan mong gawin ay alamin ang mga alituntunin sa paggamit nito at kung kailan ito dapat gamitin.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nagagampanan nang buong husay ang anumang tungkulin sa programa o proyekto gamit ang anumang teknolohiya sa paaralan
- Nakapaglalarawan na ang paggamit ng *media* at teknolohiya ay makapagdudulot ng paggalang sa opinyon ng ibang tao
- Naisasakatuparan ang wastong paraan ng paggamit ng *media* at teknolohiya



Subukin

Gawain A. Panuto: Kilalanin ang mga larawan. Piliin ang pangalan nito sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

cellphone	laptop	LCD projector
speaker	tablet	TV

1.




2.




3.



4.



5.



6.



Gawain B. Panuto: Pumili ng isang *gadget* na naranasan mo nang magamit sa bahay at/o paaralan. Isulat sa iyong kuwaderno ang naitulong nito sa iyong pag-aaral.

Aralin

1

Pagganap sa Tungkulin Gamit ang Teknolohiya

Malaki ang naitutulong ng teknolohiya sa pagtupad ng iba't ibang tungkulin ng tao sa paaralan, sa pamilya at sa pamayanan. Kaakibat ng magagandang dulot ay ang panganib ng malabisang paggamit nito. Sa araling ito matututunan mong gampanan ang iyong mga tungkulin sa pamamagitan ng responsableng paggamit ng *media* at teknolohiya.



Balikan

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Markahan ng tsek (✓) ang bilang na nagpapakita ng tamang gawain ng pakikipagkaibigan sa pakikilahok sa mga patimpalak at ekis (X) naman kung ang pangungusap ay nagsasaad ng maling gawain. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Pag-iwas sa mga kapuwa kalahok sa patimpalak.
2. Pagbati sa mga nanalo sa patimpalak.
3. Pagpapahiram ng gamit sa mga kapuwa kalahok ng patimpalak.
4. Pagtanggap ng makipagkamay pagkatapos ng patimpalak.
5. Pakikipagkilala sa mga kapuwa kalahok ng patimpalak.
6. Pagdadamot ng mga materyals na kailangan sa patimpalak.
7. Pagkuha ng larawan o *groupie* kasama ang kapwa kalahok para gawing *souvenir*.
8. Pagtanggap ng maluwag sa loob sa desisyon ng mga hurado ng patimpalak.
9. Pagsasabi ng masama tungkol sa kapwa kalahok ng patimpalak.
10. Pagtawag ng hindi kanais-nais na pangalan sa mga nanalo sa patimpalak.



Tuklasin

Basahin ang maikling tula sa ibaba at sagutin ang kasunod na mga tanong.

Makabagong Mundo

ni Jovylin Abueva - Macawile

Cellphone mo ba ay *Android*?

Alam mo ba na ang *mouse* ay hindi na lang daga?

Ikaw ba ay may *Facebook*, *Instagram* o *Twitter*?

TV mo ba'y may *Netflix* at *Youtube*?

Kung Oo, ay aba, ikaw ay nasa makabagong mundo na!

Makabagong mundo, ano nga ba ito?

Ito ba ang mundo kung saan ang *media* at teknolohiya ay napakahalaga?

Na ang *computer*, *internet* at *data* ay importante na?

At lahat ng gawain ay ino-*online* na?

Oo, tama ka, iyan na nga ang mundo mo!

Sa makabagong mundo mo halos lahat ay *online* na.

Online learning

Online selling

Online shopping

Online gaming.

Masaya ka ba sa mundong ganito?

Malamang masaya ka dahil mga gawain mo'y napapadali na.

Kapwa mo nama'y nalulungkot dahil sila'y salat sa teknolohiya at kaalaman ay napag-iwanan na.

Pakiramndan nati'y wala nang halaga, makabagong mundo ay nagsimula na.

Kupkupun na lamang nang may pag-unawa.

Sagutin ang mga tanong at isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Tungkol saan ang nabasang tula?
2. Anong uri ng mundo ang tinutukoy sa tula?
3. Anu-anong mga gawain ang binanggit sa tula na nagpapahiwatig na ang ating mga gawain ay nakasalalay na sa *media* at teknolohiya?
4. Masaya ka ba sa makabagong mundo na ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.
5. Paano mo kukupkupun ang mundo ng *media* at teknolohiya?



Suriin

Ang paggamit ng *media* at teknolohiya ay hindi masama bagkus ay napadadali at napaghuhusay ang pagganap ng mga tungkulin sa pagbuo ng programa at proyekto sa tulong ng mga ito. Sa kadahilanang ang mga kabataan ay napaliligiran ng iba't ibang uri ng *media* at teknolohiya, mahalagang magabayan sila sa tamang paggamit ng mga ito ng kanilang mga magulang, guro at iba pang nakatatanda.

Bawat bata ay dapat maging responsable sa paggamit ng *media* o teknolohiya dahil sa masamang dulot nito sa kalusugan. Ito ay batay sa pananaliksik ng mga eksperto ukol sa mga epekto ng labis na pagkahumaling sa *media* at teknolohiya. Ilan sa masasamang dulot ng labis na pagkahumaling sa *media* at teknolohiya ay ang kawalan ng interes sa pag-aaral, madalas na pagliban sa klase at sa disiplina sa paaralan at pamilya.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga paraan ng responsableng paggamit ng *media* at teknolohiya.

1. Pagberipika sa mga impormasyon na nababasa sa *internet* at iba pang *media* bago ito ipamahagi sa iba.
2. Hindi paglalathala ng mga pribadong larawan at impormasyon sa *social media*.
3. Paglimita sa paggamit ng *internet*.
4. Pag-*block* sa hindi angkop o hindi ligtas na *application* sa *internet*.
5. Pagtatakda ng oras at lugar ng paggamit ng mga *gadget* sa loob ng tahanan.
6. Pagsasaad ng sanggunian at may-akda ng mga siniping sanaysay mula sa *internet* at iba pang *media*.



Pagyamanin

Nakatala sa talahanayan sa ibaba ang ilang mga maling gawi sa paggamit ng *media* at teknolohiya. Punan ang dalawang hanay sa kanan ng angkop na salita o diwa na maaari mong gawing hakbang upang maitama ang mga nakasaad na maling gawain. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Mga Maling Gawi sa Paggamit ng Media at Teknolohiya	Epekto	Ano ang maaaring gawin?
1. Ginagamit ang <i>social media account</i> upang magpakalat ng maling impormasyon at mga balita.		
2. Inuuna ang paglalaro sa <i>computer</i> bago ang paggawa ng mga takdang-aralin.		
3. Lumiliban sa klase para lamang mapanood ang sinusubaybayang teleserye.		

4. Kinokopya/Sinisipi ang mga tula at sanaysay sa internet na hindi isinasaad ang may akda at ipinasa ito bilang isang proyekto.		
5. Gumugugol ng maraming oras sa paglalaro ng mga <i>mobile games</i> kaysa sa pagsasaliksik ng mga aralin.		



Isaisip

Panuto: Basahin ang mga pangungusap tungkol sa *media* at teknolohiya at sa mapanagutang paggamit nito. Punan ang bawat patlang ng tamang sagot para mabuo ang ideyang ipinapahayag. Pumili ng sagot sa mga salita sa loob ng kahon.

<i>cellphone</i>	alerto	pag-unlad
<i>copyright law</i>	responsableng	magalang
<i>virus</i>	pagsira	ligtas
	<i>cyberbullying</i>	

1. Dapat magkaroon ng _____ paggamit ng *media* at teknolohiya.
2. Malaki ang naitutulong ng *media* at teknolohiya sa _____ ng tao sa lahat ng aspeto.
3. Alagaan ang mga kagamitang panteknolohiya. Inatang huwag makasagap ng _____ na makakasira nito.
4. Pumili ng mga _____ na *sites* sa pag-aaral at pananaliksik *online*.
5. Dapat sundin ang _____. Huwag angkinin ang hindi mo gawa.
6. Huwag gamitin ang *media* at teknolohiya sa _____ ng kapuwa.
7. Gumamit ng *netiquette* o maging _____ sa mga *online communication*.

8. Ang *media* ay binubuo ng tinatawag na tradisyonal na *media* at bagong *media* tulad ng *internet*, _____, *video games* at *social networking*.
9. Umiwas sa _____ na makakasira sa iyo at sa kapuwa mo.
10. Laging maging _____ sa mga hindi mapagkakatiwalaang mga mensahe *online*.



Isagawa

Ibigay ang bumubuo sa bawat uri ng *media* at teknolohiya. Sipiin o kopyahin ang kahon sa iyong kuwaderno at isulat ang mga pamamaraan ng responsableng paggamit nito sa loob ng kahon.

Uri ng <i>Media</i> at Teknolohiya	Mapanagutang Paggamit
<p>1. Tradisyonal</p> <p>Halimbawa:</p> <p><i>dyaryo</i></p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>	<p>Pagsuri sa mga nilalamang impormasyon bago ito paniwalaan at ipamahagi sa iba.</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>
<p>2. Makabago</p> <p>Halimbawa:</p> <p><u><i>Cellphone</i></u></p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>	<p>Paglimita sa oras ng paggamit ng <i>cellphone</i>.</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p> <p>_____</p>



Tayahin

Itala ang mabuti at di-mabuting naidudulot ng *media* at teknolohiya sa mga tao gamit and sumusunod na porma. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

1. Kalusugan

a. Mabuti

b. Di-mabuti

2. Relasyon

a. Mabuti

b. Di-mabuti



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <p>Gawain A.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. cellphone 2. laptop 3. TV 4. LCD 5. speaker 6. tablet <p>Gawain B.</p> <p>(Maaring magkaiba-iba ang sagot)</p>	<p>Balikan</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. X 2. ✓ 3. ✓ 4. X 5. ✓ 6. X 7. ✓ 8. ✓ 9. X 10. X 	<p>Tuklasin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Tungkol sa makabagong mundo 2. Mundo ng media at teknolohiya 3. Online learning, online selling, online shopping, online gaming 4-5. (maaring magkaiba-iba ang sagot)
---	---	--

<p>Pagymain</p> <p>Maaring magkaiba-iba ang sagot.</p>	<p>Isaisip</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. responsableng 2. pag-unlad 3. <i>sniva</i> 4. ligtas 5. <i>copyright law</i> 6. pagsira 7. magalang 8. <i>cellphone</i> 9. <i>cyberbullying</i> 10. alerto 	<p>Isagawa</p> <p>Maaring magkaiba-iba ang sagot.</p> <p>Tayahin</p> <p>Maaring magkaiba-iba ang sagot.</p> <p>Karagdagang Gawain</p> <p>Maaring magkaiba-iba ang sagot.</p>
---	--	---

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph